

Tagalog (タガログ語)

Ang Kapalit ng Pagmamaneho nang Lasing

Mga Memoir ng Mga Nahatulang Nagmamaneho nang Lasing



Mga video batay sa mga memoir
(Opisyal na YouTube Channel ng Chiba
Prefectural Police Headquarters)



Pinapatakbo ang channel na ito ng Public
Relations and Citizen Affairs Division ng
General Affairs Department ng Chiba
Prefectural Police Headquarters, gamit
ang mga serbisyo ng Google LLC. (Ang
address ay mula noong Nobyembre 2004.)

Chiba Prefectural Police

Ang Malubhang Epekto ng Pagmamaneho na may Iresponsableng Pag-uugali
linom at magmamaneho ka pa rin ba?

〈Pagmamaneho Habang Lasing o Driving While Intoxicated (DWI)〉 (Tala 1)

Parusa: Pagkakakulong nang hanggang 5 sa taon o pagbabayad ng multa hanggang sa 1,000,000 yen
Base Points: 35 → Pagbawi ng lisensya, 3 taong diskuwalipikasyon (Tala 2, 3)

〈Pagmamaneho nang Lasing o Driving Under the Influence (DUI)〉


● Breath Alcohol Content (BAC): 0.15mg/L to 0.25mg/L
Base Points: 13
Pagsuspinde ng Lisensya: 90 araw (Tala 2)

● Breath Alcohol Concentration: 0.25mg/L or higher
Base Points: 25
Pagbawi ng lisensya, 2 taong diskuwalipikasyon (Tala 2,3)

Tala 1: Ang “Pagmamaneho habang lasing” ay tumutukoy sa kalagayan kung saan hindi normal na makapagpatakbo ng sasakyan ang nagmamaneho dahil sa impluwensya ng alkohol.

Tala 2: Inilalapat sa mga kaso kung saan walang mga naunang paglabag o naipong puntos.

Tala 3: Ang “Panahon ng diskuwalipikasyon” ay tumutukoy sa panahon kung kailan hindi makakukuha ng bagong lisensya sa pagmamaneho ang indibidwal pagkatapos bawiin ito.



Ang Pagkakasala Ko

Trabahador sa Opisina (20s)

Kabilang sa mga pagkakasalang nagawa ang pagmamaneho nang lasing, pagmamaneho nang napakabilis, pagkabigong tumulong o mas kilala sa tawag na hit-and-run. Higit dito, may pananagutan ako sa pagkamatay ng isang tao—nakapatay ako ng tao.

Wala akong pasok sa trabaho sa kinabukasan ng insidente. Nataon ding sahod namin sa araw na iyon kaya may kaunting pera ako sa account ko. Masaya ako sa simula ng linggo, kaya noong niyaya ako ng mga kaibigan ko para uminom noong araw na iyon, pumayag ako kaagad nang walang pag-aalinsilang.

Dati na akong nagmamaneho nang nakainom, kaya sa araw na yun naisip ko rin na “Pagkatapos naming uminom, dahil gamit ko ang sasakyan ko, ihahatid ko na rin ang dalawang kaibigan ko.” Dala ang pag-iisip na iyon, nagmaneho ako para makipagkita sa kanila. Pagkatapos naming mag-bar hopping ng mga kaibigan ko, inalok ko silang dalawa: “Gusto ba ninyong ihatid ko kayo?” Ngayon, iniisip ko kung gaano kalagim ang mga salitang iyon.

Pero noong mga panahong iyon, di naman sumagi sa isipan ko iyon. Sumakay ang mga kaibigan ko sa kotse ko at pinaandar ko ang makina habang malakas na tumutugtog ang musika mula sa stereo ng sasakyan. Pagkalagpas namin sa tawiran noong berde ang ilaw, nabasag ang windshield na may malakas na “bang!” at nagblangko ang isip ko. Di nagtagal, sigaw nang sigaw ang mga pasahero ko ng, “Tigil! Tigil!” Unti-unti akong natauhan at sa wakas itinigil ko ang sasakyan nang mga 400 metro mula sa eksena.

Bumalik ang mga kaibigan ko sa lugar na pinangyarihan at iniulat kung ano ang nangyari sa pulis. Samantala, nagpa-panic ako at wala akong nagawa kundi ang umupo sa may guardrail. Hindi ko alam kung gaano katagal ang lumipas, pero nakita ko na lang na maraming kotse ng pulis ang nakaparada sa paligid ko.

Tinanong ako ng pulis, “Ikaw ang gumawa ng aksidente, di ba?” Sabi ko, “Oo.” Pagkatapos, binigyan ako ng alcohol detection test, isang walk-a-turn test at isang drug test.

Pagkatapos noon, dinala ako sa istasyon ng pulis. Noong pinosasan ako, naisip ko sa sarili ko, “Ah, ako nga ang dahilan ng aksidente.”

Sa loob ng mga dalawang linggo, hindi ako makakain dahil sa katotohanang nakapatay ako ng tao. Hindi ko na makilala ang sarili ko, wasak na wasak ang parehong katawan at isipan ko. Maya-maya, habang nakikipag-usap sa mga magulang ko, sabi nila, “Kailangan mong mabuhay para makahingi ka ng tawad sa naiwang pamilya.” Nakatulong ang mga salitang ito para unti-unti akong magsimulang kumain ulit.

Gayunpaman, isa pang resulta ng insidente ang napabayaan ko ang trabaho ko na nagdulot ng abala sa mga kliyente ko. Nalaman kong nawala ang higit sa isang dosenang business account ko. Pumunta ang tatay ko sa pinagtatrabahuhan ko para humingi ng paumanhin sa ngalan ko. Samantala, sumugod sa bahay ng pamilya ko ang media, at napagod ang mga magulang ko sa walang tigil na pagtunog ng doorbell at pagtawag sa telepono.

Bukod pa rito, dahil sa sarili kong kapabayaan, di natuloy ang engagement ng kapatid kong lalake, at nagdala ako ng labis na abala at kalungkutan sa pamilya ko.

Sa panahon ng pagliitis, nagdala ang naulilang pamilya ng larawan ng biktimgang napatay ko. Nang hinatulan ako ng hukom na nagsabing, “Ang hinatulang si ○○ ay hinahatulan ng tatlong taon at anim na buwan sa kulungan...,” lumuha ang buong naulilang pamilya. Wala akong nagawa kundi iyuko ang ulo ko. Isinuko ko sa araw ring iyon ang karapatan kong umapela at pinagdurusahan ko na ngayon ang aking sintensya.

Kung maaari, gusto kong lumuhod at yumuko sa libingan ng biktima, pero dahil sa mga kagustuhan ng naulilang pamilya, ipinaalam sa aking walang ibabahagi sa aking personal na impormasyon. Pagkalaya ko, plano kong bisitahin ang lugar ng aksidente para mag-alay ng panalangin, bulaklak, at pag-aalay para sana makita ng naulilang pamilya ang pagsisikap ko para pagbayaran ang nagawa ko. Balak ko ring mag-ambag sa mga victim support center at makilahok sa mga boluntaryong aktibidad para sa kaligtasang pantrapiko.

Kung makatutulong ako sa pagbawas sa bilang ng mga hangal na taong tulad ko, kahit na isa lang, puwede nitong mabawasan ang mga taong makararanas ng habambuhay na dalamhati. Inaalay ko ang sarili ko nang buong-buo sa magagawa ko bilang may-sala, at mabubuhay nang hindi nakalilimutan ang trahedyang ito.

Isang Pagkakamaling Walang Kapatawaran

Interior Worker (40s)

Nang magsimula akong uminom ng alkohol, hindi ko kailanman naisip na magmamaneho ako nang lasing. Gayunpaman, isang gabi pagkatapos ng trabaho, nagpasiya akong uminom sandali bago umuwi. Nagmaneho ako papasok ng trabaho sa araw na iyon, kaya di ako sigurado kung anong gagawin ko. Pero nakumbinsi ko ang sarili ko, naisip ko na, “Aayos lang kung kaunti lang naman ang iinum ko, “o kaya, “Tatawag na lang ako ng car service kung kakailangan ko.” At dala ang kaisipang iyon, lumabas ako para uminom. At dahil kaunti lang naman ang nainom ko noong panahong iyon, nagmaneho na lang ako pauwi ng bahay. Noon ko naramdamang, “Oh, nakakapagmaneho pala ako kahit ganito ang sitwasyon ko.” Ang maling akalang ito ang nagdala sa akin sa landas ng mas malaking pagkakamali.

Mula sa araw na iyon, ang maling pag-aakalang “ayos lang kung kaunti lang” ang nangibabaw sa isip ko. Nagsimula akong magmaneho nang nakainom noong mga nasa 20s ang edad ko. Pero di nagtagal, humigpit ang mga parusa sa pagmamaneho nang lasing kaya mula noon, ganap na akong tumigil sa pagmamaneho nang nakainom. Naisip kong wala ito pero lubhang mapanganib ito.

Kaya lang, nang nasa edad mga 40s na ako, nagsimula ako ulit na uminom at magmaneho. Sa panahong iyon, mas lumakas na ang katawan ko laban sa alkohol kumpara noong mga nasa 20s ako. Higit pa roon, hindi ko maitanggi iyong ginhawa ng makapagbiyahe at makabalik sa bahay kung kailan ko gusto at pati na iyong napaka nakaka enggayong makatulog sa sasakyan kung inantok ako. Naengganyo ako nang husto sa antas ng kalayaan at ginhawang ito.

Pero isang gabi, ginawa ko ang isang bagay na hindi dapat nangyari.

Uminom ako ng alkohol nang mga 8:00 p.m. hanggang madaling araw. Binalak kong matulog muna sa kotse bago magmaneho pauwi o tumawag na lang ng car service. Pero noong pauwi na ako, hindi naman ako inantok, parang di rin naman ako lasing. At dahil 20 minuto lang ang imamaneho ko pauwi, nagpasiya akong magmaneho. Noong simula, wala namang kahit anong aberya. Nagmamaneho ako nang walang kahit na anong problema. Pero sa kalagitnaan ng pagmamaneho ko, nakatulog ako. Nagising ako kasi nakaramdam ako ng malakas na pagbangga. Noong mga oras na iyon, hindi ko alam kung anong nangyari. Hindi ko tingnan kung anong nangyari, at nagpatuloy akong magmaneho pauwi. Nalaman ko na lang kalaunan na nasangkot pala ako sa isang hit-and-run na aksidente.

Noong gaging iyon, nagpunta ang pulis sa bahay ko, at dinala ako sa kustodiya. Sa sasakyan, ipinaliwanag nila kung anong nangyari, at nagblangko ang utak ko. Napagtanto kong nakapatay ako ng tao—hindi dahil sa aksidente, pero dahil sa sarili kong mga iresponsableng gawain. Namatay ang tatay ko noong bata pa ako at wala akong kapatid. Nakatira ako kasama ang nanay ko, na hindi masyadong makakita at hindi makalabas nang siya lang. Iniwan kong mag-isa ang nanay ko at sinimulan ko ang buhay ko sa kulungan. Dinala ng mga kamag-anak ko ang nanay ko para dalawin ako pero nahihya akong harapin sila. Noong panahong iyon, tumutulong ang mga kamag-anak at kapitbahay namin pagdating sa mga gawaing bahay, kaya nakararaos ang nanay ko.

Pagkalipas ng panahon, nakapagpiyansa ako at nanirahan ako kasama ang nanay ko hanggang sa araw ng paghatol. Hinatulan ako ng korte ng tatlong taong pagkakulong. Sa loob ng tatlong taong iyon, kailangan kong iwan nang mag-isa ang nanay ko. Pero may nangyaring talagang hindi ko inaasahan. Nakatanggap ako ng sulat mula sa isang kamag-anak na nagsasabing namatay na daw ang nanay ko dahil sa sakit.

Ayon sa sulat, “Lagi kang hinihintay ng nanay mo na makauwi sa bahay. Hindi ko makalimutan kung gaano siya kalungkot.” Habang binabasa ko iyon, hindi ko mapigilang maluha. Nakaramdam ako ng labis na hiya dahil hindi ko nakasama ang nanay ko sa mga huling sandali niya. Napagtanto ko kung gaano kasakit ang biglang mawalan ng taong malapit sa iyo. Itinuro sa akin ito ng aking ina sa pamamagitan ng kanyang pagpanaw. Malamang na ganito rin ang nararamdaman ko naulilang pamilya ng biktima. At naniniwala akong pilit ding itinuturo ng nanay ko na ako ang sanhi ng kirot na naramdaman niya.

Sa ngayon, hindi ko pa rin makuhang direktang magpadala ng sulat sa naulilang pamilya ng biktima. Natural lang iyon. Pero naniniwala akong kahit ilang taon na ang lumipas, hindi dapat akong tumigil sa pagsisisi sa ginawa ko. Nagsisimula ang tunay na pagbabayad ng sala pagkalabas ng kulungan. Mula ngayon, inaalay ko ang buong buhay ko para pagbayaran ang nagawa kong kasalanan.

Ang Kapalit ng Iresponsableng Pag-uugali

Trabahador sa Opisina (30s)

Madalas na banayad ang buhay ko, walang pagtaas o pagbaba, ilang araw na binuo ko ang kaligayahan ko nang unti-unti. Sa panahong iyon, isa akong empleyado ng kumpanya at pinagkatiwalaang mamahala ng isang branch ng opisina. Kahit na may mga pagtaas-at pagbaba, nag-ambag ako sa lipunan at sa lokal na komunidad ko.

Nagmahal ako, nag-asawa, at biniiyayaan ng dalawang anak. Natupad ko rin ang pangarap kong magkaroon ng sariling tahanan. Sa gitna ng mga masasayang araw na iyon, ang pag-inom ng alak pagkatapos ng trabaho ang isa sa mga panahong nagpasaya sa akin, lalo na kung kasama ko ang matatalik kong kaibigan.

Madalas kaming magsimula sa isang shot ng tequila at pagkatapos ay iba't ibang alak depende sa hilig namin sa gabing iyon. Maraming gabing inaabot kami hanggang gabing-gabi na, at madalas na nahihirapan akong makakuha ng taxi o driver service. Dahil iniisip ko ang trabaho ko kinabukasan, pinipili kong magmaneho na lang pauwi higit sa isang pagkakataon.

At kahit walang katuwirang gawin ito nang minsan o dalawang beses, nasanay akong gawin ito. Talagang nakakatakot. Sinimulan kong isiping, "Kaya kong magmaneho kahit na nakainom na ako," at "Ligtas naman dahil wala nang naglalakad sa mga ganoong oras ng gabi."

Noong araw na iyon, lalabas na sana ako para uminom, nang makatanggap ako ng tawag mula sa asawa ko. Tinanong niya ako, "Makakauwi ka ba nang maaga ngayon?" At sabi niya, "Hinihintay ka ng mga bata!" Naririnig ko ang mga boses ng mga bata sa background, sumisigaw sila, "Daddy!" Kahit na naririnig ko ang mga boses nila, nagplano na kami ng isang kaibigan ko, kaya ang sagot ko, "linom lang ako sandali tapos uuwi na ako," at tinapos ko na ang tawag. Maya-maya, pagkatapos magsimula sa isang shot ng tequila, napagtanto kong lampas ala-una na pala. Kaya sumakay na ako sa kotse ko para umuwi ng bahay tulad ng lagi kong ginagawa.

Inisip ko, "Siguro kung dumaan ako sa mga backroad, walang magiging kahit anong checkpoint kaya okay lang." Nagmaneho ako sa isang one-way na kalsada. Habang umaandar ako nang wala sa sarili ko na kampante ako, naisip ko bigla, "Tao!" Sa oras na iyon, may nabangga akong tao. Inapakan ko ang preno at bumagal ako. Pagtingin ko sa side mirror, may nakita akong bisikletang nakahiga sa kalsada. Natakot ako na baka mawala ang lahat sa akin, hindi ko magawang ihinto ang sasakyan. Kaya't sa halip, tuluy-tuloy akong umandar nang dahan-dahan. Sa panahong iyon, nahati ang loob ko sa takot at katuwiran. Sa wakas, pagkalampas ng 300 metro ang layo mula sa pinangyarihan, itinigil ko ang kotse at naglakad ako pabalik sa eksena. Pinilit kong isipin na, "Sana sugat lang ito," o, "Pakiusap sana hindi tao ang natamaan ko." Kaya lang, ang katotohanan ay may lalaking nakahandusay na walang malay sa lupa. Ilang sandali lang pagkatapos, dumating ang pulis at ambulansya, siguro itinawag ng taong nakakita sa malapit. Mabilis silang kumilos pero nakatayo lang ako't nakatulala. Wala akong magawa. Agad akong kinuha ng pulis doon mismo, pero hindi ko maproseso ang katotohanan ng nangyari. Inulit-ulit ng isipan ko sa akin ang pangyayari. Nang magsimula ang imbestigasyon, ipinaalam sa aking namatay ang biktima. Habang tumutulo ang mga luha sa mukha ko, napagtanto kong nakapatay ako ng tao.

Pagkatapos, pinayagan akong magpiyansa at bumalik sa bahay, pero walang tao sa bahay. Walang pamilyang naghihintay sa akin. Sa isang mesa, walang nakalagay doon kundi mga papeles para sa diborsyo. Nang tumawag ako sa trabaho, malayo at malamig ang pagsagot nila sa akin. Sa huli, nagbitiw ako sa trabaho at napagtanto ang bigat ng krimeng nagawa ko.

Sa puntong iyon, ibinuhos ko ang aking pagsisisi at ang panunumbat sa sarili sa isang sulat ng paumanhin na ipinadala ko sa naulilang pamilya ng biktima. Pero hindi ako nakatanggap ng sagot. Hindi rin ako umaasang may sasagot. Nang magsimula ang paglilitis, nagkaroon ako ng pagkakataong harapin ang nagluluksang pamilya sa unang pagkakataon. Iniyuko ko ang ulo ko at humingi ng tawad, pero malinaw na hindi nila ako nakikita. Mukha silang tila hinugutan ng buhay nang mawala ang kanilang mahal sa buhay.

Nasintensyahan ako ng tatlong taon sa kulungan. Sa pagbabalik-tanaw ko ngayon sa pangyayari, labis kong pinagsisisihan ang hindi ko pakikinig sa tinig ng pamilya ko noong araw ng aksidente. Naiwasan ko sana ang pagkawala ng buhay ng biktima, ang dalamhating idinulot ko sa naiwang pamilya, at sa kawalan ng sarili kong pamilya, karera, at lahat na. Para bang napakahabang panahon ang lumipas na mahirap kayanin, pero simula ng araw na iyon, wala akong nakita o narinig mula sa pamilya ko.

Alam kong nagsisikap ang lipunan para ganap na tanggalin ang pagmamaneho nang lasing, pero naisip ko, "Ayos lang ako." Ang iresponsableng ugaling iyon ang nagdala sa akin para kargahin ang walang kapatawarang pasanin habang nabubuhay ako. Napakalupit kong tinapos ang buhay ng ibang tao, at nagdala ako ng napakalalim na kirot sa naulilang pamilya na hindi na makababalik sa kanilang dating buhay. Iyon ang kapalit ng aking iresponsableng pag-uugali.

Ang Epekto ng Pagmamaneho nang Lasing

Drayber ng Trak (50s)

Nagmamaneho ako ng trak nang mabundol at mapatay ko ang isang babae. Nahuli ako dahil sa pagmamaneho nang lasing at sa pagkabisigong obserbahan ang paligid ko.

Noong gabi bago ang aksidente, uminom ako ng tatlong beer at isang nakalatang cocktail simula 6 p.m. at natulog ako nang 8 p.m. Sumunod na umaga, nagising ako nang 1:30 a.m., naghanda ng agahan at pananghalian ko, umalis ng bahay, pumunta sa truck yard, at sinimulan ang araw ko. Habang nagmamaneho sa karaniwang ruta ko, may natamaan ako sa intersection.

Ganito ang nangyari. Pagkatapos kong kumpirmahing walang naglalakad sa tawiran, lumiko ako sa kanan. Nang biglang may nakita akong kulay puti sa bandang kanan sa harap ko. Dahil di ako sigurado sa nangyari, agad kong tinapakan ang preno at tumigil. Nang lumabas ako sa trak para tingnan, nakakita ako ng taong nakahiga sa pagitan ng mga gulong sa likod.

Paulit-ulit kong tinanong, “Ayos ka lang ba?” pero walang sagot, kaya’t tumawag ako ng ambulansya. Dumating ang ambulansya pagkalipas ng limang minuto at ipinaliwanag ko sa kanila ang nangyari.

Pagkatapos, dinala ako sa istasyon ng pullis para tanungin at na-detain ako. Sa loob ng sumunod na dalawang buwan, nanatili ako sa bahay, pero nang magsimula ang paglilitis, nasintensyahan ako ng dalawang taon at anim na buwan sa kulungan.

Dahil nagmaneho ako ng malaking trak habang nasa impluwensya pa rin ng alkohol mula sa nakaraang gabi, na-audit ang kumpanya, at nagdulot ito ng abala sa presidente. Natanggal ako sa kumpanya, at ganap na natigil ang komunikasyon ko sa pamilya ko.

Dagdag pa rito, binawi ang lisensya sa pagmamaneho ko, at hindi na makakapagtrabaho bilang drayber ng trak. Sa unang pagkakataon, napagtanto ko ang bigat ng nagawa ko at ang hindi masukat na epekto ng alkohol sa buhay ko.

Sa Ichihara Prison, lumahok ako sa programa ng rehabilitasyon sa alak kung saan tinanong ang kaugalian sa pag-inom at dahilan ko sa pag-inom. Ibinahagi kong araw-araw akong umiinom at madalas na ginagamit ang alkohol para makatulog. Bukod sa sa programang iyon, sumali rin ako sa programang pang-edukasyong nakatuon sa “pagsasama ng pananaw ng biktima” na pumilit sa aking harapan ang kahangalan ng mga pag-iisip ko at binigyan-daan nito na matanggap ang bahagi ng mga pakiramdam ng naulilang pamilya ng biktima.

Kung iniligay ko ang sarili ko sa lugar ng pamilya ng biktima at inisip ang tungkol sa insidente, napagtanto kong hindi ito aksidente, kundi isang krimen. Ito ay isang pagkitil sa buhay—pagpatay.

Kung pag-iisipan ang natutunan ko sa Ichihara Prison at paghugot ng inspirasyon mula sa mga kaisipan ng mga kasamahan ko sa kulungan, nagdesisyon akong tiyaking hindi ko makakalimutan ang nangyari. Nilalayon kong maging mas mabuting tao, muling makilahok sa lipunan, at huwag kailanman ulitin ang parehong pagkakamali.

Bilang ang maysala, sa huli ay magkakaroon din ako ng pagkakataong makita ang pamilya kong muli. Kaya lang, hindi na makikita ng naulilang pamilya ang kanilang mahal sa buhay kahit kailan. Napupuno ako ng labis na pagsisisi tuwing maisip ko ito. Nagsisisi ako sa nagawa ko, at nauunawaan kong natural lang kung hindi nila ako mapatawad.

Magtatrabaho ako kasama ang pamilya ko para maisip kung ano ang pinakamagandang paraan para makabawi at gumawa ng mga hakbang para makapagbayad ng kasalanan.

Hindi maglalahok kailanman ang naging resulta ng krimen ko.

Sa pag-inom ng alak at pagmamaneho ng trak, binago ko ang mga buhay at kinabukasan ng biktima, ang pamilya ng biktima, ng sarili kong pamilya, at marami pang iba. Isa itong bagay na hindi mapapatawad kailanman. Sa biktima at sa kanilang naulilang pamilya, tunay at wagas ang aking paghingi ng tawad.

Hindi na ako iinom ng alak kailanman.

Kung maiibalik ko lang ang oras bago ang aksidente, magsisimula ako ulit mula sa umpisa at gagawin nang iba ang lahat.

Paulit-ulit na Pagmamaneho nang Lasing

Welfare Worker (30s)

Kasalukuyan akong nasa kulungan, pinag-iisipan ang mga krimeng nagawa ko at nagsisikap tungo sa rehabilitasyon ko.

Dati, madalas akong uminom ng alak hanggang gabi at papasok sa trabaho kinabukasan nang may hangover pa. Minsan, iinom ako ng isa o dalawang beer, magpapahinga nang ilang oras, at kukumbinsihin ang sarili kong matino na ako para magmaneho. Nagmamaneho ako nang lasing para sa sarili kong ginhawa.

Noong una, nauunawaan kong delikado ang pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alkohol at nakokonsensya ako sa paggawa nito. Pero habang nagpatuloy ako sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alkohol, naging sobrang kampante ako. Naniwala akong hangga't may kaunting alkohol na lang na natitira sa katawan ko, makapagmamaneho ako nang hindi nagdudulot ng aksidente. Unti-unti, nawala ang kaba ko sa sakuna pati na ang konsensya ko sa pagmamaneho nang lasing.

Nagpatuloy ang iresponsableng gawi ko at isang tag-araw, nag-away kami ng asawa ko habang naghahapunan kami. Dahil lasing na ako noon at inis na inis, nagdesisyon akong bumili pa ng alkohol sa isang malapit na tindahan. Inisip kong kapag umuwi ako at hinarap ang asawa ko, hahaba lang ang away kaya nagdesisyon akong humiga at magpahinga sa kotse ko sandali. Hindi ko matandaan kung anong ginawa ko pagkatapos, pero noong magising ako, natagpuan ko ang sarili kong nasa may ilaw trapiko sa isang intersection. Nakatulog pala ako. Nakapaligid sa akin ang mga nakaparadang ambulansya at kotse ng pulis, at hinuli ako doon mismo.

Para sa insidenteng ito, nakatanggap ako ng nakasuspindeng sintensya. Pagkatapos noon, nagpatuloy ako sa buhay habang nagpapagamot para sa pagiging palaasa sa alak. Kalaunan, nagsimula akong uminom ulit, na nagdulot ng panibagong away sa pamilya ko. Kahit na kinuha ang lisensya sa pagmamaneho ko dahil sa nakaraang insidente at kahit na alam kong nagmamaneho ako nang walang lisensya, hinayaan kong mangibabaw ang galit ko at kinuha ko nang walang pahintulot ang sasakyang pag-aari ng pamilya ko.

Dumaan ako sa tindahan, bumili ng marami pang alkohol, nagpatuloy na uminom dahil sa mga makasariling dahilan, tulad ng pagpapakalma ng sarili ko.

Ang pagmamaneho sa ganoong kalagayan ay natural na ginagawang imposible ang matinong paggawa ng desisyon at nagdudulot ng maling pagdedesisyon sa nakapalibot na sitwasyon. Gayunpaman, noong panahong iyon, naniwala akong kung nagpatuloy akong magmaneho sa ilalim ng impluwensya ng alkohol, hindi ito nagdudulot ng kasing lubha ng aksidente sa trapiko.

Pagkatapos inumin ang karagdagang alkohol na binili ko, nalasing ako nang husto. Naisip kong kung nagpatuloy akong magmaneho sa ganoong kalagayan, magiging mapanganib ito, kaya nagdesisyon akong iparada ang sasakyan at sinubukang lumiko sa kanan papasok sa isang paradahan. Pero, nagkamali ako sa pagpihit ng manibela at bumangga sa isang trak na umaandar sa paparating na lane. Sa lakas ng pagtama ng kotse ko, lumiko ang trak sa isang curb at natumba nito ang malapit na poste ng traffic signal hanggang sa tuluyan itong huminto. Sa kasamaang-palad, dahil sa head-on na banggaan, naipit ang biktima sa pagitan ng harap na bahagi ng trak at kanyang upuan, at talagang nagdusa siya nang husto.

Sa ganoong kalagayan, hindi ako ganap na matino para maintindihan kung anong nangyayari at hindi makahingi ng tulong o makapagbigay ng tulong. Tumawag ang mga nakasaksi malapit sa pangyayari sa emergency services, na nagdulot sa pagkaligtas sa biktima.

Nabigyan ako ng pagkakataon para makipag-ayos sa biktima pero hindi ako binigyan ng pagkakataon para personal na humingi ng tawad. Kahit na noong nagpadala ako ng nakasulat na paghingi ng tawad, nabanggit sa sagot na, "Wala na akong balak na makipag-ugnayan pa sa iyo. Huwag mo na akong kontakin pa."

Dahil dito, naisip ko kung gaano ako naging makasarili at kung gaano kahangal ang mga ginawa ko, na nagdulot ng kapahamakan sa iba dahil sa sarili kong pagwawalang-bahala. Labis akong nagsisisi ngayon mula sa kaibuturan ng puso ko.

Bilang resulta ng insidenteng iyon, nasintensyahan akong makulong. Natanggal ako sa kumpanya kung saan ako nagtatrabaho dahil hindi ko nagawa ang mga tungkuling ipinagkatiwala sa akin, at nagdulot ako ng malaking pagkalugi sa kompanya. Dagdag pa rito, nagdulot ako sa pamilya ko ng labis na paghihirap sa kanilang kalooban dahil sa ginawa ko. Sigurado akong tiniis nila ang masasakit na salita ng iba sa maraming pagkakataon.

Nagdulot ako ng kaguluhan hindi lang sa biktima, kundi pati sa lipunan at sa sarili kong pamilya. Patuloy akong uminom at nagmamaneho hanggang sa araw na ipadala ako sa kulungan. Sa pagmumuni ko kung paanong hindi ako natinag sa paglabag ko sa batas noong una, labis kong pinagsisisihan ngayon ang kahangalan ko at ginugugol ko ang mga araw ko sa pamumuni-muni ng mga nagawa ko.

Pagmamaneho nang lasing:

Huwag mo itong gawin, huwag mo itong hayaang mangyari, at huwag mo itong kunsintihin kahit kailan.

Tumatanggap kami ng mga ulat tungkol sa pagmamaneho ng lasing. Ang impormasyon ay nakasaad sa ibaba:

- 1** Impormasyon tungkol sa mga taong nagmamaneho nang lasing:
- 2** Impormasyon tungkol sa mga establisyimentong nagsusulong o hinahayaan ang pagmamaneho nang lasing.
- 3** Iba pang mahalagang impormasyon:
(Mahalagang impormasyong kaugnay ng pagpapatupad ng mga hakbang laban sa pagmamaneho nang lasing bukod sa 1 at 2 sa itaas.)
Isumite ang Impormasyon Dito: _____



Website ng Chiba Prefectural Police
[Mailbox para sa pagpapatupad ng mga hakbang laban sa pagmamaneho nang lasing]

※Fo mga kasong kailangang-kailangan, tumawag agad sa 110.

Noong ika-28 ng Enero 2023, binago ang ordinansang nakatuon sa pagpuksa sa pagmamaneho ng lasing sa Chiba Prefecture.

- 1. Sa Mga Nagpapatakbo ng Negosyo:** Ipapaalam sa mga employer ang kahit anong insidente ng pagmamaneho nang lasing na nagawa ng kanilang empleyado sa kanilang paglalakbay.
- 2. Sa Mga Establisyimento ng Kainan:** Papatawan ng parusa ang mga nagpapatakbo ng establisyimentong hindi nagpatupad ng mga hakbang para maiwasan ang pagmamaneho nang lasing.



Website ng Chiba Prefecture
Mga Pagsisikap para Mapuksa ang Pagmamaneho nang Lasing

- Bukas na ngayon ang pag-aplay para sa "Mga Lugar ng Trabahong Nagpapahayag ng Pagpuksa sa Pagmamaneho nang Lasing " at "Mga Establisyimentong Nagpapahayag ng Pagpuksa sa Pagmamaneho nang Lasing."

Inisyu ng:
Traffic General Affairs Division, Traffic Department, Chiba Prefectural Police Headquarters
Address: 1-9-1 Nagasu, Chuo-ku, Chiba City, 260-8668 TEL: 043-201-0110 (pangunahing linya)
URL : <https://www.police.pref.chiba.jp>
Sa pakikipagtulungan sa: Ichihara Prison

Pagmamaneho nang Lasing

HINDI!

Ang mga kahihinatnan ng pagmamaneho nang lasing: Limang tunay na kuwento, limang pagsisisi

Video Blg. 1
"Ang Pagkakasala Ko"



linom at
maggmamaneho
ka pa rin ba?

Video Blg. 2
"Isang Hindi Mapapatawad na Pagkakamali"



第三話
軽い気持ちの代償



Video Blg. 3
"Ang Kapalit ng Iresponsableng Pag-uugali"

第四話
飲酒運転が及ぼした影響



Video Blg. 4
"Ang Epekto ng Pagmamaneho nang Lasing"

第五話
繰り返した飲酒運転



Video Blg. 5
"Paulit-ulit na Pagmamaneho nang Lasing"

Pagmamaneho nang lasing:
Huwag gawin, huwag pabaya, at huwag kunsintihin
kailanman.

Para sa buong teksto ng mga memoir ng mga nahatulang nagmamaneho nang lasing at lahat ng video, i-click dito.

Pulisya ng Chiba Prefecture: Mga Memoir ng Mga Nahatulang Nagmamaneho nang Lasing

Maghanap



Website ng Pulisya ng Chiba Prefecture



Opisyal na YouTube ng Pulisya ng Chiba Prefecture



Chiba Prefectural Police

Pagmamaneho Habang Lasing

Hanggang 5 taong pagkakakulong
o **multang umaabot ng hanggang**
1,000,000 yen

Ang "Pagmamaneho Habang Lasing" ay tumutukoy sa pagpapatakbo ng sasakyan habang lasing (nasa kalagayan kung saan, dahil sa impluwensya ng alkohol, hindi na ganap na makapagpatakbo ng normal ng sasakyan.

Pagmamaneho nang nasa impluwensya ng Alkohol

Hanggang sa 3 taong
pagkakakulong,
o
multang hanggang
500,000 yen



Pagbibigay ng Sasakyan sa:

Lasing na drayber

Hanggang sa 5 taong
pagkakakulong, o multang
hanggang 1,000,000 yen

Ang isang drayber na nasa
impluwensya ng alkohol

Hanggang sa 3 taong
pagkakakulong, o
multang hanggang 500,000 yen

Nagbibigay ng alkohol at mga pasahero

Lasing na drayber

Hanggang sa 3 taong
pagkakakulong, o
multang hanggang 500,000 yen

Isang drayber na nasa
impluwensya ng alkohol

Hanggang sa 2 taong
pagkakakulong, o
multang hanggang 300,000 yen

Pagtanggi sa breathalyzer test

Hanggang sa 3
buwang
pagkakakulong o
multang hanggang
500,000 yen

*Ang lahat ng ito ay napapailalim sa mga kaparusahang administratibo kaugnay ng mga lisensya ng drayber.

Overview ng Ordinansa sa Pagtanggag sa Pagmamaneho nang Lasing sa Chiba Prefecture

Layunin

Layon ng ordinansang linawin ang mga tungkulin ng prefecture, ng mga residente nito, negosyo, at iba pang entidad sa pagpuksa sa pagmamaneho nang lasing, pati na rin ang pagtatakda ng mga mahalagang prinsipyo para sa karagdagang batas. Sa malawakang pagsusulong ng mga inisyatiba para mapuksa ang pagmamaneho nang lasing, nilalayon ng ordinansang bumuo ng komunidad kung saan hindi umiiral ang pagmamaneho nang lasing, na nagtitiyak sa isang ligtas na lipunan kung saan namumuhay ang lahat ng residente ng prefecture nang may panatag na pag-iisip.

Mahalagang Punto ng Ordinansa

Mga Tungkulin ng mga Residente

Mga Bagay na Kailangang Sundin ng mga Residente

- Huwag magmaneho nang lasing.
- Sa mga kasong kailangan mong magmaneho ng sasakyan, o kung malamang na kailangang magmaneho, iwasang uminom ng alkohol na maaaring humantong sa pagmamaneho nang lasing.



- Sikaping magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga epekto ng alkohol sa katawan mo.
- Sikaping kumilos ayon sa iyong sarili at maging maagap para mapuksa ang pagmamaneho nang lasing sa loob ng tahanan, trabaho, komunidad, at iba pang lugar.
- Makipatulungan sa mga hakbang na ipinatutupad ng pambansang pamahalaan, ng prefecture, at ng mga munisipalidad.
- lulat sa mga pulis kung may taong nagmamaneho nang lasing o kung may pinaghihinalaan kang nagmamaneho nang lasing.